

Ika-16 ng Abril, 2021

Mga Minamahal na Magulang,

Sa inyong kaalaman, ipinakilala ng Probinsya ng Manitoba ang *Bill 64, The Modernization Education Act*, upang mapabuti ang kalalabasan ng mga mag-aaral, sa ilalim ng apat na haligi ng pamamahala at pananagutan, mataas na antas ng mga pagkatuto, kahandaang pagharap sa kinabukasan ng mga mag-aaral, at kahusayan sa pagtuturo at pamumuno.

Habang ang Winnipeg School Division ay nakikibahagi sa maraming pangunahing aksyong inirerekomenda ng ating probinsya upang mapabuti pa ang resulta ng pag-aaral ng mga mag-aaral, ang mga aksyong gagawin ay nararapat iugnay sa kung ano ang makatutulong sa kakaibang pangangailangang nararapat sa pagsuporta sa mga komunidad ng paaralan.

Nakalulungkot isiping isinaad ng Pamprobinsyang Pamahalaan na ang layunin para sa ganap na pagbabago ng sistemang pang-edukasyon ay ang masigurong ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng higit na maunlad na kagalingan sa pagganap sa *Canada* sa susunod na limang taon. Sa Winnipeg School Division, ipinakita sa pamprobinsyang datos na ang mga mag-aaral ay nakakamit ang pare-parehong antas ng pag-unlad (*consistent gains*) at nahigitan pa ang *provincial mean*. Kami ay naniniwala na ang tagumpay ng isang mag-aaral ay hindi nababatay sa bilang o datos, kundi sa pagbibigay ng kapaligirang magpapalago ng kakayahan/potensyal nito at makapagbibigay ng pantay na pagkakataong mapaunlad ang karunungan, mga kasanayan, at mga pagpapahalagang kailangan para sa makabuluhang paglahok sa pandaigdigang at magkakaibang lipunan. Ang kahusayan ay iba-iba sa pananaw ng bawat mag-aaral at ang sistemang pang-edukasyon sa K-12 ay dapat sumuporta sa mga mag-aaral na may mga programa at mga serbisyong pantay-pantay sa pagkakaiba.

Ang Bill 64 ay sinisira ang kasalukuyang pamamalakad ng *school board* na matugunan ang mga pang-lokal na pangangailangan ng mga komunidad ng paaralan at makapagbigay ng mga programa, mga serbisyo, at mga suporta upang matiyak na ang mag-aaral ay may mga kinakailangang kagamitan para maging matagumpay sa paaralan at sa kinabukasan.

Ang mga miyembro ng *Board* ay naniniwala na ang integridad ng WSD ay dapat mapanatili kung paano ito nabuo sa kasalukuyan upang ang mga mag-aaral at

mga magulang ay mabigyan ng katiyakan na makakamit pa rin nila ang parehong antas ng mga programa at mga serbisyong inilalaan sa kanila sa WSD.

Ang sadyang pagbabago sa paghahatid ng edukasyon ay may potensyal na tanggalin ang paggawa ng mga batay-paaralang desisyon, ang pagbibigay ng pananagutan sa *school board* at pagiging malinaw, at paglalaan ng mga pondo upang masuportahan ang mga programa at mga serbisyo para sa mga mag-aaral, batay sa kanilang mga pang-lokal na pangangailangan. Ito rin ay may potensyal na maging *industrial model* ng edukasyon kung saan ang pagkakasundo, pagkatuto, at pagtuturo ay hindi na ayon sa sariling pagpili.

Hinihikayat ko kayo na ipahayag ang inyong mga pag-aalala sa pamprobinsyang pamahalaan at sumama sa ibang organisasyon upang makiusap sa Pamprobinsyang Pamahalaan na panatilihin ang paggawa ng mga batay-paaralang desisyon sa buong Manitoba, muling suriin ang *governance* at *regional model*, pagsasaalang-alang sa bilang ng mga mag-aaral at representasyon ng mga komunidad ng paaralan, partikular na sa Lungsod ng Winnipeg.

Sumasainyo,

Betty Edel
Board Chair, Trustee Ward 8